



MGA KARAPATAN, RESPONSABILIDAD AT IBA PANG MAHALAGANG IMPORMASYON

Para sa Tulong na Pera at Mga Programa ng CalFresh, at/o Medi-Cal/34-County Medical Services Program (CMSP)

Nilalaman ng mga pahinang ito ang iyong mga karapatan at responsibilidad at iba pang mahalagang impormasyon. Kailangan ng county ang iyong impormasyon upang malaman kung kwalipikado ka para sa tulong na pera, mga benepisyo ng CalFresh, at/o Medi-Cal/34-County CMSP at upang makalkula kung magkano ang makukuha mo kung kwalipikado ka. Kung kailangan mo ng higit pang impormasyon o may mga tanong ka, tanungin ang iyong worker.

Kasama sa Tulong na Pera ang California Work Opportunity and Responsibility to Kids (CalWORKs) at Tulong na Pera sa Refugee (Refugee Cash Assistance o RCA).

Kasama ng Medi-Cal/34-County CMSP ang mga benepisyo ng Kumpletong Medi-Cal/34-County CMSP at Pinaghihigpitang Medi-Cal/34-County CMSP na pangangalagang may kaugnayan lang sa emergency at pagbubuntis.

ANG IYONG MGA KARAPATAN

1. Upang tratuhin nang patas at walang pagtatangi sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, relihiyon, politikal na kaugnayan, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kapansanan, o edad. Maaari kang maghain ng reklamo ng diskriminasyon kung sa palagay mo ay nabiktima ka ng diskriminasyon sa pamamagitan ng pakikipag-usap muna sa itinalagang kinatawan ng mga karapatan bilang mamamayan (civil rights) ng iyong county o sa pamamagitan ng pagliham sa

State Civil Rights Bureau
744 P Street, MS 8-16-70
P.O. Box 944243
Sacramento, CA 94244-2430

o sa pamamagitan ng pagtawag nang toll-free 1-866-741-6241 o para sa may kapansanan sa pandinig TDD 1-800-688-4486.

2. Upang humingi ng tulong sa pag-a-apply para sa o patuloy na pagtanggap ng tulong na pera, mga benepisyo at serbisyo kung mayroon kang kapansanan. Kung kailangan mo ng tulong dahil sa isang kapansanan, sabihin sa county.
3. Upang humingi ng tulong upang kumpletuhin ang iyong aplikasyon o anumang ibang pang form ng tulong na pera, CalFresh, o Medi-Cal/34-County CMSP.
4. Upang humiling ng tagasalin at magkaroon ng mga form at paunawang nakasalin kung hindi ka nagsasalita o nakakabasa ng Ingles.
5. Upang tratuhin nang may kagandahang loob, konsiderasyon at paggalang.
6. Upang makapanayam nang maagap ng county kapag nag-a-apply ka at upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado sa loob ng 45 araw para sa tulong na pera at Medi-Cal/34-County CMSP (o 90 araw para sa Medi-Cal kung kinakailangang tukuyin ang pagkakaroon ng kapansanan) at sa loob ng 30 araw para sa mga benepisyo ng CalFresh.
7. Upang talakayin ang iyong kaso sa county at suriin mo ang iyong kaso kapag hiniling mo ito.
8. Upang malaman ang mga panuntunan para sa pagkuha agad ng tulong na pera. Kung sa palagay namin ay maaari kang maging kwalipikado, magkakaroon ka ng isang panayam sa loob ng isang araw.
9. Upang malaman ang mga panuntunan para sa pagkuha agad ng mga benepisyo ng CalFresh. Kung sa palagay namin ay maaari kang maging kwalipikadong kunin agad ang mga iyon, magkakaroon ka agad ng isang panayam at makakakuha ng mga benepisyo ng CalFresh sa loob ng tatlong araw.
10. Upang magkaroon agad ng Medi-Cal/34-County CMSP hangga't maaari kung mayroon kang medikal na emergency o buntis ka, kung kwalipikado.
11. Upang patuloy na makakuha ng tulong na pera at mga benepisyo ng Medi-Cal nang walang tigil kung lilipat ka sa isang panibagong county at kung mananatili kang kwalipikado.
12. Upang malaman ang mga panuntunan para sa retroactive na pagiging kwalipikado sa Medi-Cal.
13. Upang babaan ang anumang kasalukuyang Bahagi ng Gastos na maaari kang magkaroon sa pamamagitan ng pagbibigay sa county ng nakaraang hindi nabayarang mga singilin sa medikal na dapat mo pang bayaran, kapag mag-a-apply ka para sa Medi-Cal.

14. Upang pumili ng prepaid health plan (PHP), saklaw ng fee-for-service (kung available), Health Maintenance Organization (HMO), o Medi-Cal kapag kwalipikado para sa Medi-Cal.
15. Upang hilinging palitan ang iyong Benefits Identification Card (BIC) ng Medi-Cal, o EBT card kung nawala sa koreo, napinsala, o nasira. Ipapalam sa iyo ng county kung kwalipikado ka.
16. Upang humingi ng karagdagang pera kung bumaba o huminto ang iyong kita (sa tulong na pera lamang).
17. Upang humingi ng mga pambayad para sa pananamit, pabahay o mahahalagang kagamitan sa bahay na nawala, napinsala o kaya ay hindi available dahil sa mga biglaan o hindi karaniwang pangyayari (sa tulong na pera lamang).
18. Upang humingi ng pambayad para sa mga patuloy na espesyal na pangangailangan tulad ng espesyal na diyeta, transportasyon para sa patuloy na medikal na pangangalaga, espesyal na serbisyo sa labada, telepono para sa hirap makarinig, matataas na bayarin sa utility, atbp. (sa tulong na pera lamang).
19. Upang maabisuhan sa pamamagitan ng liham kapag naaprubahan, tinanggihan ang iyong aplikasyon, o kapag nabago o huminto ang iyong mga benepisyo.
20. Upang panatilihin ng county at estado na kumpidensyal ang iyong mga talaan, maliban na lang kung nakakakuha ka ng tulong na pera o mga benepisyo ng CalFresh at mayroong inilabas para sa iyo na warrant sa pagdakip dahil sa isang krimen, o kung ayon sa batas.
21. Upang makipag-usap sa isang tao mula sa county o maghain ng pormal na reklamo sa estado kung hindi ka sang-ayon sa isang pagkilos na isinagawa ng county. Maaari kang tumawag nang toll-free sa 1-800-952-5253 o para sa may kapansanan sa pandinig, TDD 1-800-952-8349.
22. Upang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa loob ng 90 araw ng pagkilos ng county para sa tulong na pera, CalFresh at Medi-Cal.
23. Upang humiling ng Pagdinig ng Estado, maaari kang magliham sa iyong county o tawagan ang mga toll-free na numero ng telepono ng Estado na nakalista sa Item 21 sa itaas.
24. Upang katawanin ang sarili, ng isang miyembro ng sambayanan, kaibigan, abugado, o ibang taong gusto mo sa isang Pagdinig ng Estado. PAALALA: Maaari kang makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o pangkat ng mga karapatan sa welfare.
25. Upang magkaroon ng maayos na access sa isang lokasyon kung saan maaari mong i-withdraw ang iyong mga benepisyong pera na may kaunti o walang mga gastos.
26. Upang makakuha ng brochure na magbibigay-alam sa iyo kung paano gamitin ang iyong EBT card at kung paano kunin ang iyong mga benepisyong pera na may kaunti o walang mga gastos.
27. Upang makakuha ng isang listahan ng mga ATM na walang karagdagang singil at mga tindahan kung saan ka makakakuha ng pera nang walang singil kapag bumili ka gamit ang iyong EBT card. Makakakuha ka ng listahan ng mga lokasyong ito mula sa iyong county worker o sa www.ebt.ca.gov.

ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD

Katayuan sa Pagiging Mamamayan/Imigrasyon

Upang pumirma sa ilalim ng kaparusahan sa pagsisinungaling na ang bawat isang nag-a-apply para sa tulong na pera at mga benepisyo ng CalFresh ay isang mamamayan ng U.S., U.S. national, o may legal na katayuan ng imigrasyon. Susuriin namin ang impormasyon sa katayuan ng imigrasyon sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) upang matiyak ang kaniyang pagiging kwalipikado. Para sa CalFresh, kung may mga tao sa iyong bahay na hindi nag-a-apply para sa mga benepisyo ng CalFresh, hindi mo kailangang ibigay ang kanilang katayuan sa pagiging mamamayan o imigrasyon.

Kung gusto mo ng Medi-Cal/34-County CMSP, dapat kang magbigay ng pahayag ng katayuan sa pagkamamamayan/imigrasyon sa ilalim ng kaparusahan ng pagsisinungaling. Kung sasabihin mong isa kang dayuhan na may legal na permanenteng tirahan (lawful permanent residence o LPR) sa U.S., isang amnesty alien na may wasto at kasalukuyang I-688 o isang dayuhan na permanenteng naninirahan sa ilalim ng color of law (PRUCOL), susuriin ang iyong katayuan sa imigrasyon sa USCIS. Maaari lang gamitin ang impormasyong nakakuha ng USCIS sa pag-verify ng katayuan sa imigrasyon ng aplikante upang tukuyin ang pagiging kwalipikado sa Medi-Cal/34-County CMSP, at hindi maaaring gamitin para sa mga pagpapatupad ng imigrasyon, maliban na lang kung nanloloko ka.

Pagkuha ng Fingerprint/Larawan

Dapat makunan ng fingerprint at larawan ang lahat ng kwalipikadong nasa hustong gulang na miyembro ng sambahayan para sa tulong na pera, at sinumang nasa hustong gulang na nag-a-apply para sa isang kaloob na para lang sa bata. Kung kinakailangan mong matugunan ang panuntunang ito ngunit hindi ka nakunan ng fingerprint/larawan, hindi makakakuha ng mga benepisyo ng tulong na pera ang buong sambahayan. (Manual of Policies and Procedures (MPP) Seksyon 40-105.3.)

Kumpidensyal ang mga kuha ng fingerprint/larawan. Maaari lang naming gamitin ang mga iyon upang iwasan ang panloloko o upang isampa ang isang kasong krimen laban sa iyo para sa panloloko sa welfare.

Mga Panuntunan ng Social Security Number (SSN)

Gagamitin ang mga SSN sa isang computer upang suriin kung tumutugma ang kita at mga pinagkukunan sa mga talaan mula sa mga ahensiya ng buwis, welfare, employment, ang Social Security Administration at iba pa. Maaaring suriin ang mga pagkakaiba sa mga employer, bangko o iba pa. Maaaring magresulta ang paggawa ng mga maling pahayag o hindi pag-uulat ng lahat ng impormasyon o sitwasyon na nakakaapekto sa pagiging kwalipikado at mga tulong na bayad para sa tulong na pera, CalFresh at Medi-Cal/34-County CMSP sa muling pagbabayad ng mga benepisyo at/o kriminal o sibil na pagkilos.

Mga Benepisyo ng Tulong na Pera at CalFresh: Dapat mong ibigay sa amin ang SSN para sa bawat aplikante o tatanggap ng tulong na pera at/o CalFresh. Kung tatangi kang magbigay sa amin ng alinman sa SSN o patunay ng aplikasyon para sa isang SSN, hindi ka makakakuha ng tulong na pera o mga benepisyo ng CalFresh. Para sa CalFresh, kung may mga tao sa iyong bahay na hindi nag-a-apply para sa mga benepisyo ng CalFresh, hindi mo kailangang ibigay ang kanilang SSN. Para sa tulong na pera, dapat kang magbigay ng patunay ng aplikasyon para sa isang SSN sa loob ng 30 araw ng aplikasyon para sa tulong na pera at ibigay ang SSN sa county kapag nakuha mo ito. (MPP Seksyon 40-105.2.)

Ang bawat aplikante para sa Medi-Cal/34-County CMSP, na nagsasabing isa siyang mamamayan ng U.S., isang U.S. national, LPR sa U.S., isang amnesty alien na may wasto at kasalukuyang I-688, o PRUCOL, ay madidiskwalipika sa pagkuha ng Medi-Cal kung tatangi siyang magbigay ng alinman sa SSN o patunay ng aplikasyon para sa isang SSN. Ang sinumang dayuhan na walang SSN at na hindi isang amnesty alien na may wasto at kasalukuyang I-688 o isang LPR o PRUCOL, ay maaari pa ring makakuha ng pinaghihigpitang Medi-Cal/34-County CMSP kung natutugunan niya ang mga panuntunan ng pagiging kwalipikado, kasama ang paninirahan sa California.

(Mga) Pag-verify

Upang magbigay ng patunay para suportahan ang iyong pagiging kwalipikado. Kung hindi ka makakuha ng patunay, tutulungan ka naming kumuha nito. Maaaring kailanganin mong pumirma ng isang paglabas ng third party na impormasyon o pumirma ng isang sinumpaang pahayag. (MPP Mga Seksyon 40-105.1; 40-157.212; 40-157.213)

Pakikipagtulungan

Upang makipagtulungan sa kawani ng county, estado at pederal. Para sa tulong na pera, maaaring pumunta ang isang county worker sa iyong bahay sa isang nakatakdang oras upang suriin ang iyong impormasyon, kasama ang pagtingin sa bawat miyembro ng pamilya. Maaaring hindi ka makakuha ng mga benepisyo o maaaring ihinto ang iyong mga benepisyo kung hindi ka makikipagtulungan.

TULONG NA PERA AT MEDI-CAL

Upang mag-apply para sa anumang mga benepisyo o kita na kwalipikadong makuha ng sinuman, gaya ng: Mga benepisyo sa Kawalan ng Trabaho (UIB) o Pagkakaroon ng Kapansanan, Mga benepisyo ng beterano, Social Security o Medicare, atbp.

Sustento sa Anak/Asawa at Medikal na Suporta

Upang makipagtulungan sa county at sa Lokal na Ahensiya ng Sustento sa Anak (Local Child Support Agency) na:

- tukuyin at hanapin ang sinumang magulang na hindi kasama ng anak sa bahay o magulang na iniwan ang anak (absent parent);
- ipaalam sa county o sa Lokal na Ahensiya ng Sustento sa Anak sa anumang oras na makakuha ka ng impormasyon tungkol sa absent parent, gaya ng tirahan o pinagtatrabahuhan;
- tukuyin ang pagka-ama ng sinumang bata sa iyong kaso kung kailangan;
- kumuha ng perang pansuporta sa medikal mula sa sinumang absent parent at, kung makakuha ka ng tulong na pera, kumuha ng perang pansustento sa anak;
- bigyan ang Lokal na Ahensiya ng Sustento sa Anak ng anumang perang pansuporta sa medikal at, anumang perang pansustento sa anak/asawa na makukuha mo;
- sabihin ang county tungkol sa medikal na saklaw o pera para sa mga serbisyong medikal na binabayaran ng absent parent.

Bababaan ang iyong tulong na pera kung hindi ka makikipagtulungan nang walang makatwirang dahilan. (MPP Mga Seksyon 40-157.212; 40-157.213.)

MEDI-CAL

Benefits Identification Card (BIC)

- Upang lagdaan ang iyong BIC kapag natanggap mo ito at gamitin lang ito upang kumuha ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan.
- **Upang huwag kailanman itapon ang iyong BIC** (maliban kung bibigyan ka namin ng bagong BIC). Kailangan mong itago ang iyong BIC kahit hindi ka na nakakatanggap ng Medi-Cal. Maaari mong gamitin ang parehong BIC kung kukuha kang muli ng tulong na pera o Medi-Cal.
- Upang dalhin ang BIC sa iyong medical provider kapag may sakit o appointment ka o ang isang miyembro ng iyong pamilya.
- Upang dalhin ang BIC sa medical provider na gumamot sa iyo o (mga) miyembro ng iyong pamilya sa isang pang-emergency na sitwasyon sa lalong madaling panahon hangga't maaari pagkatapos ng emergency.

Insurance/Saklaw ng Pangangalaga sa Kalusugan

- Upang sabihin sa county at anumang provider ng pangangalaga sa kalusugan ang anumang insurance/saklaw ng pangangalaga sa kalusugan na mayroon ka o ang isang miyembro ng pamilya.
- Upang panatilihin available ang anumang insurance sa kalusugan sa iyo at sa iyong pamilya na walang gastos o may makatarangang gastos.
- Upang gamitin ang anumang mga prepaid health plan, health maintenance organization o health care insurance plan na mayroon ka bago gamitin ang Medi-Cal/34-County CMSP, maliban kung hindi inaalok ng plano ang kailangang medikal na serbisyo. Kailangan mong gamitin ang mga iyon dahil hindi magbabayad ang Medi-Cal para sa anumang serbisyong binayaran at/o ibinigay ng mga plano sa medical insurance.
- Upang mag-enroll at manatiling naka-enroll sa isang plano sa kalusugan ng pangkat na may kaugnayan sa employment kapag mag-aaprubang Medi-Cal ng bayad ng mga premium ng plano ng Estado ng California.

ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT

Dapat kang mag-ulat ng ilang partikular na impormasyon sa county. Kung hindi ka sigurado kung paano mag-ulat, ano ang iulat, o kung anong patunay ang kinakailangan namin, magtanong sa iyong worker. Kung nakakakuha ka ng mga benepisyo ng CalFresh, sasabihin sa iyo ng iyong worker kung isa kang sambahayang nag-uulat nang dalawang beses sa isang taon o nag-uulat ng pagbabago. Kung nakakakuha ka ng Medi-Cal/34-County CMSP, sasabihin ka ng county kung kailan ka dapat mag-ulat. (MPP Seksyon 40-181).

Mga Aplikante ng CalWORKs - Kung magbabago ang alinman sa mga impormasyon na sinabi mo sa county, kailangan mong iulat sa county ang mga bagong impormasyon sa loob ng 5 araw.

PAANO KA DAPAT MAG-UULAT

Para sa Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat ng Tulong na Pera at CalFresh, bilang karagdagan sa iyong taunang SAWS 2 dapat kang magbigay ng Dalawang Beses sa Isang Taong Ulat sa Pagiging Kwalipikado (Semi-Annual Eligibility Report o SAR 7) sa ikalimang araw ng buwan kasunod ng iyong buwan ng ulat at iulat ang lahat ng kinakailangang pagbabago sa county sa loob ng 10 araw.

Para sa Ulat ng Pagbabago sa CalFresh, dapat mong iulat ang lahat ng pagbabago sa loob ng 10 araw:

- sa pamamagitan ng mail, telepono, o nang personal sa tanggapan ng CalFresh sa county; [Q](#)
- sa SAR 3 o AR 3; [Q](#)
- sa CF 377.5, Ulat ng Pagbabago sa Sambahayan ng CalFresh

Para sa Medi-Cal, dapat mong iulat ang lahat ng pagbabago sa loob ng 10 araw AT magbigay ng kumpletong Ulat ng Katayuan sa ika-5 ng buwan kapag ipinadala o ibinigay ito ng county sa iyo.

KAILAN KA DAPAT MAG-UULAT

Para sa Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat ng Tulong na Pera at CalFresh

Isinasaad ng mga panuntunan ng Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat (Semi-Annual Reporting o SAR) na dapat kang mag-ulat ng ilang partikular na bagay dalawang beses kada taon. Ang unang ulat ay ang iyong aplikasyon o redetermination/recertification (RD/RC) sa iyong form ng pahayag ng impormasyon (SAWS 2 PLUS). Ang ikalawang ulat ay ang Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat ng Pagiging Kwalipikado (SAR 7). Palaging kailangang ipasa ang SAR 7 na ulat sa ika-5 araw ng ikaanim na buwan kasunod ng iyong aplikasyon o taunang RD/RC at ituturing na huli kung hindi natanggap bago ang ika-11 araw ng buwan. Kung nahuling ipasa ang iyong SAR 7, kakailanganin mong bayaran ang anumang tulong na pera o CalFresh na hindi mo dapat makuha. Kakailanganin mong mag-ulat ng gross income, gayundin ang anumang mga pagbabago sa iyong gross income na natitiyak mong mangyayari sa susunod na anim na buwan, mga pagbabago sa bilang ng tao sa iyong sambahayan at impormasyon tungkol sa sinumang bagong miyembro ng sambahayan, at anumang binili o ibinentang ari-arian ng mga tao sa iyong sambahayan. Ang buwan ng ulat ay nasa itaas ng form ng SAR 7. Kung hindi ka magbibigay ng kumpletong SAR 7 bago ang katapusan ng unang araw ng trabaho ng buwan pagkatapos ng buwan kung kailan dapat ipasa ang iyong ulat, ihihinto ang iyong mga benepisyo. Kung ibibigay mo ang iyong kumpletong SAR 7 sa anumang oras sa kasunod na buwan kung kailan dapat ipasa ang iyong SAR 7, sisimulang muli ang mga benepisyo ng iyong sambahayan mula sa petsa kung kailan mo ito ibibigay, kung kwalipikado ka pa rin.

Ano ang dapat mong iulat sa Dalawang Beses sa Isang Taong Ulat (SAR 7):

1. **Kinitang Kita:** Ang lahat ng gross earned income na nakuha mo o ng sinuman sa iyong sambahayan sa buwan ng ulat. Kasama nito ang mga sahod; tip; bayad sa bakasyon; mga bonus na pera; Mga Pambahay na Serbisyo ng Suporta (In- Home Supportive Services o IHSS); pera mula sa self-employment o mula sa isang programa ng pagsasanay; pati na rin ang anumang kitang hindi pera (in kind) na nakuha mo o ng sinuman sa iyong sambahayan bilang kapalit ng trabaho, gaya ng libreng upa, pananamit o pagkain.

2. **Hindi Kinita o Kitang Nakabatay sa Pagkakaroon ng Kapansanan:** Ang lahat ng iba pang kita na nakuha mo o ng sinuman sa iyong sambahayan sa buwan ng ulat. Kasama nito ang sustento sa anak/asawa; interes o mga dividend; mga napanalunan sa pagsusugal/lotto; insurance o mga legal na kasunduan; mga benepisyo sa pagwewelga; pera, mga regalo, loan, scholarship; mga pag-refund ng buwis; anumang mga benepisyo mula sa pamahalaan, tulad ng Social Security, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment (SSI/SSP), kawalan ng trabaho, danyos ng worker, state disability indemnity (SDI), mga beterano o pagreretiro sa railroad, iba pang pribadong bayad o bayad ng pamahalaan sa kapansanan o pagreretiro; kita sa pagpapauapa at tulong sa pangungupahan; libreng pabahay/mga utility/pananamit/pagkain; o anumang iba pang uri ng pera na nakuha mo o ng sinuman sa iyong sambahayan. Dapat mo ring iulat sa iyong SAR 7 ang anumang mga pagbabago sa kita na **natitiyak** mong mangyayari sa susunod na anim na buwan. Kasama nito ang mga pagbabago sa kinita, hindi kinita at mga kitang nakabatay sa kapansanan.
3. **Ari-arian:** Anumang ari-arian kasama ang: mga sasakyang de motor; bank account; savings bond; patakaran ng insurance; isang bahay o lupa; trust; balanseng pera sa EBT, atbp. na nakuha mo o ng sinuman sa iyong sambahayan mula noong huli kang nag-ulat at mayroon ka pa, binili man ito o nakuha sa pamamagitan ng pakikipagpalit o bilang isang regalo. Gagamitin ng county ang impormasyong ito upang pagpasyahan kung lumagpas ang sambahayan sa limitasyon ng ari-arian. Dapat mo ring iulat kung nagbenta, nakipagpalit o nagbigay ka o ang sinuman ng anumang ari-arian mula noong huli kang nag-ulat.
4. **Kung Lumipat Ka o Nakitira o Umalis Ang Isang Tao Sa Iyong Bahay:** Ang sinumang (kasama ang mga bagong silang) nakitira sa iyong bahay mula noong huli kang nag-ulat at nandoon pa rin. Dapat mo ring iulat ang sinumang umalis sa iyong bahay o namatay mula noong huli kang nag-ulat.
5. **Mga Tumatakas na Kriminal at Mga Lumalabag sa Probation/ Parole:** Ang pangalan ng sinuman sa iyong sambahayan na nagtatago o tumatakas sa batas upang makaiwas sa pag-uusig, pagkakadap, o pagkabilanggo para sa isang mabigat na krimen o tangkang mabigat na krimen.
6. **Binawasang Oras ng Trabaho:** Kung ang edad mo ay nasa pagitan ng 19 at 50 at hindi ka nag-aalaga ng mga menor de edad, dapat mong iulat kapag bumaba ang iyong oras ng trabaho sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan. Dapat mo ring iulat kung alam mong mababawasan ang iyong oras ng trabaho sa mga limitasyong ito sa susunod na anim na buwan.

Para sa Medi-Cal/34-County CMSP, dapat mong iulat kapag:

1. Pumasok o umalis ang sinuman sa isang nursing home o pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga.
2. Nag-apply ang sinuman para sa mga benepisyo sa pagkakaroon ng kapansanan, gaya ng SSI/SSP, Social Security, Mga Beterano, o pagreretiro sa Railroad.
3. Nakakakuha ang sinuman ng mga serbisyo sa pangangalaga sa kalusugan na nagreresulta mula sa isang aksidente o pinsala dahil sa pagkilos o hindi pagkilos ng isang tao.

ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT (IPINAGPATULUY)

Para sa Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat ng Non-Assistance CalFresh

Kung nakakakuha ka lang ng mga benepisyo ng CalFresh dapat mong iulat kapag:

1. Humigit ang kabuuang buwanang kita ng iyong sambahayan sa Income Reporting Threshold (IRT) para sa laki ng iyong sambahayan sa anumang oras. Ang iyong IRT ay 130% ng Federal Poverty level para sa laki ng iyong sambahayan. Ipapaalam sa iyo ng county ang iyong IRT.
2. Ang sinumang tatanggap na Nasa Hustong Gulang na Nakakapagtrabaho na Walang Mga Dependent (Able Bodied Adult Without Dependents o ABAWD) ng CalFresh at ang oras ng kanilang pagtatrabaho o nasa isang pagsasanay ay bumaba sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan.

Para sa CalWORKs, dapat mong iulat ang ilang partikular na pagbabago sa iba pang mga pagkakataon:

Sa ilang partikular na pagkakaton, kakailanganin mong mag-ulat ng mga bagay (sa loob ng sampung araw ng pagbabago) kahit na hindi ito ang iyong "buwan ng ulat" gaya ng:

1. Anumang oras na humigit ang pinagsamang gross income ng iyong pamilya (parehong kinita at hindi kinita) sa Income Reporting Threshold (IRT) para sa iyong pamilya. Ipapaalam sa iyo ng county ang iyong IRT. Kung nakakakuha lang ang iyong pamilya ng hindi kinitang kita, kakailanganin mo lang iulat ang kita sa iyong Dalawang Beses sa Isang Taong Ulat sa Pagiging Kwalipikado (SAR 7) at ang iyong taunang RD/RC (SAWS 2 PLUS).
2. Anumang oras na maging isang tumakas na kriminal o nalaman ng korte na lumalabag sa probation o parolo ang isang tao sa iyong sambahayan.
3. Anumang oras na lumipat ka, dapat mong iulat ang pagbabago ng iyong address nang malaman ng county kung saan ipapadala ang iyong SAR 7 at iba pang mga paunawa.

Boluntaryong pag-uulat ng impormasyon para sa Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat ng CalWORKs at CalFresh:

Maaari ka ring boluntaryong mag-ulat ng iba pang impormasyon, kahit na hindi ito ang iyong "buwan ng ulat." Ang boluntaryong pag-uulat ng impormasyon ay maaaring magpataas sa mga benepisyo ng iyong sambahayan. Kung magsasanhi ang iniulat mong impormasyon sa pagtaas ng iyong mga benepisyo, kikilos ang county sa loob ng sampung araw pagkatapos mong magbigay ng pag-verify. Isang pagbubukod ay kapag nagresulta ang pagtaas mula sa pagdaragdag ng isa pang tao sa iyong kaso. Sa ganoong sitwasyon, gagawa ng aksyon ang county upang taasan ang mga benepisyo sa unang araw ng buwan pagkatapos mong magbigay ng pag-verify.

Kasama sa ilang halimbawa ng boluntaryong pag-uulat na maaaring magsanhi ng pagtaas ng iyong mga benepisyo ang:

- Huminto o bumaba ang iyong kita.
- Nakitira sa iyong bahay ang isang taong may kaunti o walang kita (kasama ang bagong silang).
- Umalis sa iyong bahay ang isang taong kumikita.
- Naniniwala kang kwalipikado ka o ang isang tao sa iyong sambahayan para sa isang bayad sa Mga Espesyal na Pangangailangan sa CalWORKs, gaya ng mga espesyal na pangangailangan sa pagbubuntis o isang kwalipikadong espesyal na diyeta.

Mga karagdagang halimbawa para lang sa CalFresh:

- Nagsimulang magbayad ang isang miyembro ng sambahayan ng sustento sa anak na iniutos ng hukuman para sa isang bata na hindi nakatira sa bahay.
- Ang isang miyembro ng sambahayan ay 60 taong gulang o higit pa.
- May mga pagbabago sa o may mga bagong gastusing medikal ang sinumang miyembrong may kapansanan o 60 taong gulang (kung na-verify na maaaring muling kalkulahan ang iyong CalFresh).

Sa anumang oras, maaari mong sabihan ang county na itigil ang iyong buong kaso o ang sinumang indibidwal na umalis sa bahay o hindi kinakailangan sa unit ng tulong. Maaari mo ring sabihin sa county na ihinto ang ilang partikular na benepisyo, gaya ng: Medi-Cal o CalFresh. Hindi mabibilang ang pagtanggap lang ng Medi-Cal/o CalFresh sa mga limitasyon sa oras ng iyong tulong na pera.

Karagdagang Impormasyon para sa Mga Sambahayan Lang sa CalFresh

Kung nakakatanggap ka lang ng mga benepisyo ng CalFresh at boluntaryo mong iulat na may isang taong nakitira o umalis sa iyong bahay, kikilos ang county sa pagbabagong iyon kahit na magresulta ito sa pagbaba ng iyong mga benepisyo sa CalFresh.

Iba pang mga pagbabago para sa Dalawang Beses sa Isang Taong Pag-uulat:

Mayroong ilang pagbabago na magtutulak sa county na bawasan o ihinto ang iyong mga benepisyo sa panahon kung kailan ito nangyari. Narito ang ilang halimbawa:

- Naabot ng isang nasa hustong gulang sa sambahayan ang 48 buwang limitasyon sa oras ng CalWORKs;
- Pinarusahan ang isang miyembro ng sambahayan;
- Ang isang bata ay umabot sa edad 18 (at hindi makakapagtapos ng high school bago mag-edad 19);
- Nagsimulang makatanggap ang isa tao sa iyong sambahayan ng mga benepisyo sa isa pang sambahayan;
- Dinala ang isang kwalipikadong bata sa pangangalaga sa bahay-ampunan o awtorisadong tagapangalaga (Foster Care);
- Ang sinumang tatanggap na Nasa Hustong Gulang na Nakakapagtrabaho na Walang Mga Dependent ng CalFresh at ang oras ng kanilang pagtatrabaho o pagsasanay ay bumaba sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan.

ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT (IPINAGPATULOY)

PAG-UULAT NG PAGBABAGO SA CALFRESH

Para sa Pag-uulat ng Pagbabago sa CalFresh, dapat kang mag-uulat kapag:

1. Nagsimula, nahinto, o nagbago ang iyong kabuuang buwanang kita ng mahigit sa \$50.
2. Nagbago ang pinagmumulan ng kita ng sinuman.
3. Nakitira o umalis sa iyong sambahayan ang sinuman.
4. Sumali o umalis ang sinuman sa iyong bahay.
5. Lumipat ka o may bago kang address.
6. Ang iyong mga gastusin sa upa at utility kung lumipat ka **lang**.
7. Kung may pagbabago sa halaga ng anumang sustento sa bata na iniutos ng hukuman na binabayaran ng isang miyembro ng sambahayan para sa isang batang hindi nakatira sa kanyang tahanan.
8. Ang sinumang tatanggap na Nasa Hustong Gulang na Nakakapagtrabaho na Walang Mga Dependent (Able Bodied Adult Without Dependents o ABAWD) ng CalFresh at ang oras ng kanilang pagtatrabaho o pagsasanay ay bumaba sa 20 oras kada linggo o 80 oras kada buwan.
9. Ang sinumang miyembro ng iyong sambahayan ay umiiwas o tumatakas sa batas upang makaiwas sa anumang pag-uusig, pagkakadakip o pagkakakulong pagkatapos mapatunayang may sala, o napag-alaman ng isang korte na lumalabag sa probation o parole.

Para sa Pag-uulat ng Pagbabago sa CalFresh, maaari kang mag-uulat kapag:

1. Nagsimula o nagwakas ang karamdaman sa pangangatawan o pag-iisip ng sinuman.
2. Nagbago ang katayuan sa pagkamamamayan/imigrasyon ng sinuman o nakatanggap ng liham, form o bagong card ang sinuman mula sa USCIS.
3. Mayroon kang mga pagbabago sa iyong mga gastusin sa pangangalaga ng dependent.
4. Ang sinumang miyembro na may kapansanan o 60 taong gulang o mas matanda ay nagkaroon ng mga pagbabago sa mga gastusing medikal o mga bagong gastusing medikal. Kung na-verify, maaaring kalkulahing muli ang iyong paglalaan.
5. Nagsimulang magbayad ang sinumang miyembro ng sambahayan ng sustento sa anak na iniutos ng hukuman para sa isang batang hindi nakatira sa kanyang tahanan.

Taunang Pag-uulat ng CalWORKs para sa Ilang Partikular na Kaso na Pambata Lang (CalWORKs Annual Reporting for Certain Child-Only Cases o AR/CO)

Ang karamihan sa mga kaso sa CalWORKs kung saan ang mga bata lang ang nakakakuha ng tulong na pera ay mag-uulat lang isang beses sa bawat taon maliban sa ilang kinakailangang pagbabago na dapat iulat sa loob ng 10 araw kung kailan maganap ang mga iyon. Tinatawag ang mga kasong ito na mga Taunang Pag-uulat/Pambata Lang (AR/CO) na kaso. Sasabihan ka ng County kung mayroon kang AR/CO na kaso.

Iuulat lang ng mga AR/CO na kaso ang mga pagbabago sa kanilang Taunang RD, na may mga sumusunod na pagbubukod:

- Anumang oras na humigit ang pinagsamang kabuuang kita (gross income) ng iyong pamilya, parehong kinita at hindi kinita, sa Income Reporting Threshold (IRT) para sa iyong pamilya. Ipapaalam sa iyo ng County sa pamamagitan ng pagsulat kung ano ang iyong IRT.
- Sa tuwing may titira o aalis sa iyong bahay. Kasama dito ang mga bagong silang at bata na dinala sa foster care.
- Sa tuwing magbabago ang iyong address.
- Anumang oras na maging tumakas na kriminal ang isang taong sasali o ay nasa sambahayan mo o malalaman ng korte na lumalabag sa probation o parole at hindi pa ito inulat.

Mga AR/CO na Kaso ng CalWORKs Na Nakatanggap ng CalFresh

Mag-uulat ang mga sambahayan ng CalFresh na bahagi ng AR/CO na kaso ng CalWORKs nang dalawang beses sa isang taon. Tingnan ang mga Pahina 3 at 4 ng paunawang ito para sa mga responsibilidad sa dalawang beses sa isang taong pag-uulat.

Boluntaryong Pag-uulat ng Impormasyon para sa mga AR/CO na kaso ng CalWORKs at Mga Sambahayang Nag-uulat ng Pagbabago ng CalFresh

Maaari ka ring boluntaryong mag-uulat ng ilang pagbabago. Makakatulong ang pag-uulat ng ilang pagbabago sa pagtaas ng iyong tulong na pera. Tingnan ang pahina 4 ng paunawang ito para sa higit pang impormasyon tungkol sa boluntaryong pag-uulat.

ANG IYONG MGA RESPONSABILIDAD SA PAG-UULAT (IPINAGPATULUY)

MAHALAGANG IMPORMASYON SA TULONG NA PERA LAMANG

Walang Trabahong Magulang

Kung nag-a-apply ka para sa tulong na pera bilang isang walang trabahong magulang, ang pangunahing kumikita (principal earner o PE) ay dapat:

- walang trabaho at hindi nagtrabaho sa nakalipas na 4 na linggo
- mag-apply sa at tumanggap ng anumang insurance sa kawalan ng trabaho na kwalipikado kang makuha

Ang PE ay ang magulang na may pinakamalaking kita sa nakalipas na 24 na buwan.

Tulong sa Walang Tahanan

Maaari kang maging kwalipikado para sa pera upang tulungang magbayad ng pansamantalang bahay, permanenteng pabahay o upang maiwasang mapaalis. Ito ay isang beses sa isang panghabambuhay na bayad maliban kung matutugunan mo ang isang pagbubukod. Kung nakatanggap ka na ng tulong sa walang tirahan at kailangan mo itong muli, sasabihan ka ng iyong worker kung kwalipikado ka.

Mga Pagbabakuna

Dapat kang magbigay ng patunay kapag hiniling ng county na:

- ang mga batang wala pang edad 6 ay nakatanggap ng mga pagbabakuna na naaangkop sa kanilang edad. (MPP Mga Seksyon 40-105.4; 40-105.5).

Maximum na Bayad na Tulong (Maximum Aid Payment o MAP)

May dalawang antas ng Maximum na Bayad na Tulong (MAP). Ang karamihan sa mga pamilyang nakakakuha ng tulong na pera ay nakakakuha ng mas mababang antas ng MAP. Maaaring makuha ng mga pamilya ang mas mataas na antas ng MAP kung ang bawat magulang o tagapangalaga sa Unit ng Tulong (Assistance Unit o AU):

- ay may kapansanan at nakakakuha ng mga benepisyo ng Supplemental Security Income/ State Supplemental Payments (SSI/SSP), o Mga Pangbahay na Serbisyo ng Suporta (IHSS), o State Disability Insurance (SDI), o Temporary Workers Compensation (TWC), o Temporary Disability Indemnity (TDI)
- ay nag-aalaga ng (mga) tinutulungang (aided) bata na hindi nila anak at hindi nakakakuha ng tulong na pera ang tagapangalaga.

Kwalipikado rin para sa mataas na MAP ang:

- isang pamilyang nakakakuha ng Tulong na Pera sa Refugee (RCA) kung natutugunan ng bawat nasa hustong gulang ang isang pagbubukod.

Panuntunan ng Maximum na Kaloob sa Pamilya (Maximum Family Grant o MFG)

Naaangkop ang panuntunan ng MFG sa sinumang bata na ipinanganak pagkatapos ng Agosto 31, 1997. Isinasaad ng panuntunan ng MFG na hindi tataas ang iyong kaloob na tulong na pera upang isama ang isang batang ipinanganak sa iyong pamilya, kung nakakuha ang iyong pamilya ng tulong na pera sa sunud-sunod na 10 buwan pagkatapos mismo ng pagkapanganak ng bata. May mga sitwasyong hindi naaangkop ang mga panuntunan. Bibigyan ka ng iyong worker ng kopya ng mga panuntunan ng MFG at sasagutin ang iyong mga tanong. Pagkatapos ay pipirma ka ng isang kopya na nagsasabing nauunawaan mo ang mga panuntunan.

Patunay ng Impormasyon

Kapag humiling ka ng tulong na pera sa loob ng isang taon mula sa petsa kung kailan ito nahinto, dapat tingnan ng county ang iyong naunang file ng kaso upang makita kung mayroon na ito ng patunay na kiinakailangan upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado kapag:

- hindi mo makuha ang patunay, o
- may babayaran ka upang makuha ang patunay, o
- maaantala ang pagpoproseso ng iyong aplikasyon dahil masyadong matagal ang kakailanganin bago mo makuha ang patunay.


Kung hihiling ka ng tulong na pera sa loob ng isang taon mula sa petsa na huminto ito AT, kung walang kinakailangang patunay ang county, kailangan mong magbigay ng patunay.

Kung mayroon kang mga bagong pagbabago mula noong huli kang nakakuha ng tulong na pera, kakailanganin ng county ng bagong patunay.

Pagpasok sa Paaralan

Ang lahat ng bata na nasa pagitan ng edad na anim at 18 taong gulang na nakakakuha ng tulong ay kailangang pumasok sa paaralan.

Kung ang anak mo ay nasa pagitan ng mga edad na 16 at 18 taong gulang at hindi regular na pumapasok sa paaralan, kung wala siyang magandang dahilan, maaaring bawasan ang iyong tulong na salapi hanggang magsimula siyang pumasok o matugunan ang hindi pagsasama.



Para saan ang **Work Pays**:

- Nagbibigay sa iyo ng mas maraming \$\$\$\$ upang matulungan kang sustentuhan ang iyong pamilya
- Nagbibigay ng ginhawa sa iyo at sa iyong pamilya
- Nagpapaunlad ng mga kasanayan sa trabaho
- Nagbibigay ng pagpapahalaga sa sarili
- Nagbibigay sa iyo ng pansariling kasiyahan

Maaari kang magtrabaho at patuloy pa ring makakuha ng tulong na pera:

- ✓ Sa karamihan ng mga sitwasyon, kapag nagtatrabaho ka, ang iyong gross earnings (mga kinita bago ang mga kabawasan) ay hindi ibinabawas kada dolyar mula sa iyong bayad na tulong na pera. Maaari kang maging kwalipikado para sa **mga kabawasan na nauugnay sa trabaho**. Kapag hinusto mo ito, mayroon ka nang mas maraming \$\$\$\$ para sa iyong pamilya.
- ✓ Kapag mayroon kang nakatalagang **on the job training (OJT) na nakabatay sa kaloob**, ginagamit ng iyong employer ang lahat o ang bahagi ng iyong bayad na tulong na pera upang tulungan kang bayaran ang iyong mga sahod. Hindi ka makakakuha ng mga kabawang nauugnay sa trabaho para sa mga sahod sa OJT na nakabatay sa kaloob.
- ✓ Anupaman, maaari kang maging kwalipikado para sa mga gastusin sa pangangalaga ng bata na binabayaran sa iyong provider.

Tingnan ang pahina 8 para sa impormasyon tungkol sa mga panuntunan sa trabaho at pagsasanay, mga insentibo sa trabaho, kabilang ang mga programa sa pangangalaga ng bata. Tanungin ang iyong worker para sa higit pang impormasyon tungkol sa **Work Pays** at paano makakatulong sa iyo ang **OJT na nakabatay sa kaloob**.

Tandaan, maaari kang magtrabaho at makakuha pa rin ng tulong na pera kung mananatili kang kwalipikado at matutugunan mo ang mga panuntunan sa pag-uulat nang napapanahon.

Mga panuntunan sa trabaho at pagsasanay

Sasabihin sa iyo ng iyong worker kung anong tulong na pera at/o mga panuntunan sa trabaho sa CalFresh ang kailangan mong sundin bago at pagkatapos maaprubahan ang iyong aplikasyon. Maaaring kailanganin mong lumahok sa mga aktibidad ng trabaho, pagsasanay o pag-aaral upang patuloy na makuha ang iyong tulong na pera, CalFresh, o pareho. Mahigit sa isang miyembro ng sambahayan ang maaaring kailanganing sundin ang mga panuntunan sa trabaho ng tulong na pera at/o CalFresh. Kung maging hindi kwalipikado ang sinuman sa hindi pagsunod sa mga panuntunan sa trabaho o pagsasanay, maaari pa ring makakuha ng tulong na pera o CalFresh ang iba pang mga miyembro ng kanilang sambahayan, hangga't nananatili silang kwalipikado. Ngunit maaaring magbago ang halaga ng tulong na pera o CalFresh na makukuha nila.

Mga Panuntunan sa Trabaho ng Tulong na Pera

Kung nakakakuha ka ng tulong na pera at mga benepisyo ng CalFresh o tulong na pera lang, kakailanganin mong lumahok sa ilang partikular na aktibidad ng Welfare-to-Work upang patuloy na makuha ang iyong mga benepisyong tulong na pera at CalFresh. Sasabihin sa iyo ng county kung gaano katagal sa isang linggo ka dapat lumahok sa mga aktibidad na ito o kung hindi ka kasama sa mga panuntunang ito. Kasama sa mga aktibidad ng Welfare-to-Work, ngunit hindi limitado sa, ang naka-subsidize o hindi naka-subsidize na trabaho, karanasan sa trabaho, serbisyo sa komunidad, pangunahing edukasyon na pang-nasa hustong gulang, pang-bokasyonal na pagsasanay, at paghahanap ng trabaho. Ang naka-subsidize ay nangangahulugang nagbabayad ang county o ang ilang iba pang pinagmumulan ng pondo sa iyong employer para sa bahagi ng iyong mga sahod.

Isinasaad din ng mga panuntunan sa trabaho ng tulong na pera na dapat kang:

- Pumirma ng isang Welfare-to-Work plan;
- Tumanggap ng isang naaangkop na trabaho na inaalok sa iyo;
- Hindi bumitiw sa trabaho o bawasan ang iyong mga kinikita.

Mga Parusa sa Hindi Pagtugon sa Mga Panuntunan sa Trabaho ng Tulong na Pera

Anumang oras na hindi mo matugunan ang mga panuntunan sa trabaho ng tulong na pera at wala kang makatwirang dahilan, ihihinto ang iyong tulong na pera hanggang sa gawin mo ang dapat mong gawin. Pagkatapos ihinto o bawasan ang iyong tulong na pera, makukuha mo lang itong muli kung matutugunan mo ang mga panuntunan sa trabaho na hindi mo natugunan o kung hindi ka isinama. Kung ihinihinto ang iyong tulong na pera, maaari ding ihinto o bawasan ang iyong mga benepisyo sa CalFresh.

Mga Panuntunan sa Trabaho ng CalFresh para sa Mga Taong Hindi Nakakatanggap ng Tulong na Pera

Kung nakakakuha ka lang ng mga benepisyo ng CalFresh, maaaring kailanganin mong lumahok sa ilang partikular na aktibidad sa pagkakaroon ng trabaho at pagsasanay upang patuloy na makuha ang iyong mga benepisyo ng CalFresh. Kasama sa mga aktibidad na ito ang paghahanap ng trabaho, workfare, pangunahing edukasyon na pang-nasa hustong gulang, at pang-bokasyonal na pagsasanay. Sasabihin sa iyo ng county kung gaano katagal sa isang linggo ka dapat lumahok sa mga aktibidad na ito o kung hindi ka kasama sa mga panuntunang ito.

Isinasaad din ng mga panuntunan sa trabaho ng CalFresh na dapat mong:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong karanasan sa trabaho at kakayahang magtrabaho;
- Suriin ang posibleng trabaho na sinabi namin sa iyo at tanggapin ang isang naaangkop na trabaho na iniaalok sa iyo;
- Hindi bitiw ang isang trabaho o bawasan ang oras ng trabaho nang mas mababa sa 30 oras kada linggo.

Mga Kaparusahan sa CalFresh Lamang

Kung hindi mo matugunan ang mga panuntunan sa trabaho ng CalFresh at wala kang makatwirang dahilan, tatanggihan o ihihinto ang iyong mga benepisyo sa CalFresh sa loob ng isa, tatlo, o anim na buwan, depende sa dalas ng hindi mo pagtugon sa mga panuntunan. Pagkatapos mahinto ang iyong mga benepisyo sa CalFresh, makukuha mo lang itong muli pagkatapos ng kaparusahan o mas maaga kung hindi ka isama.

Kinakailangan sa Trabaho para sa Mga Nakakapagtrabahong Nasa Hustong Gulang na Hindi Nakakatanggap ng Tulong na Pera

Kung nakakatanggap ka lang ng mga benepisyo ng CalFresh at wala kang menor de edad na anak, mayroong isang pang panuntunan sa trabaho na maaaring kailanganin mo ring matugunan. Hindi mo kailangang matugunan ang panuntunan sa trabahong ito kung wala ka pang 18 taong gulang, 49 pataas, buntis, o bahagi ka ng isang sambahayan sa CalFresh na may menor de edad na anak. Maaari kang hindi isama sa iba pang mga dahilan na maaaring ipaliwanag sa iyo ng iyong county worker. Isinasaad ng panuntunan sa trabaho na kung isa kang Nakakapagtrabahong Nasa Hustong Gulang, dapat kang magtrabaho kahit 20 oras lang kada linggo o 80 oras kada buwan sa binabayarang trabaho, lumahok sa isang proyekto ng workfare para sa kinakailangang bilang ng oras, o lumahok sa isang naaprubahang aktibidad sa pagsasanay nang kahit 20 oras lang kada linggo o 80 oras kada buwan. Sa loob ng 36 na buwang panahon, hihinto ang mga benepisyo sa CalFresh kung may tatlong buwan kang hindi nakatugon sa panuntunan sa trabaho. Kung hindi mo tinugunan ang panuntunan sa trabaho sa ikalawang pagkakataon dahil sa pagkakatanggal sa trabaho, maaari kang makakuha ng mga benepisyo sa CalFresh sa loob ng tatlong buwan nang hindi tumutugon sa panuntunan. Pagkatapos niyan, makakakuha ka lang ng mga benepisyo sa CalFresh kung matugunan mo ang panuntunan sa trabaho o hindi ka isama.

Mga Bawas sa Kita ng CalWORKs

Ang kabuuang halaga ng tulong na pera na natatanggap ng iyong pamilya ay nakabatay sa laki ng iyong pamilya at anumang iba pang kita na maaari kang magkaroon. Pinapayagan ng batas na ibawas ang ilang kita kapag kinakalkula ang kabuuang halaga ng tulong na pera na matatanggap mo.

- Kung nakakakuha ang iyong pamilya ng mahigit \$225 kada buwan ng Kita sa Pagkakaroon ng Kapansanan (Disability Income o DI), tanging ang unang \$225 lang ang ibabawas.
- Kung nakakakuha ang iyong pamilya ng \$225 kada buwan o mababa sa DI, wala sa mga ito ang ibibilang bilang kita at kung mayroon ka ring Kinitang Kita (Earned Income o EI), anumang natitirang halaga ng binawas na \$225, hanggang \$225, ay hindi ibibilang bilang kita.
- Bukod pa ryan, ibabawas ang 50 porsyento ng anumang iba pang EI.
- Ang matitira ay ang iyong kabuuang mabibilang na kita (net countable income) at ang halagang gagamitin upang kalkulahin ang iyong tulong na pera.

Pangangasiwa ng Self-Employment

Kung self-employed ka, magkakaroon ka ng pagpipiliang kalkulahin ang iyong mga gastusin sa negosyo batay sa isang karaniwang bawas na 40 porsyento ng gross income o gamit ang aktwal na mga gastusin sa negosyo. Sa sandaling pumili ka ng pamamaraan ng pagkalkula ng iyong kabuuang kita sa pagiging self-employed, mababago mo lang ang paraan ng pagkalkula ng mga gastusing iyon sa redetermination o kada anim na buwan alinman ang mas maunang mangyari.

Programang Pangangalaga ng Bata ng CalWORKs

Available ang mga benepisyo sa pangangalaga ng bata sa mga tatanggap na kailangan ng pangangalaga sa bata upang makapagtrabaho o makalahok sa mga aktibidad ng welfare-to-work na inaprubahan ng county gaya ng pagdalo sa mga programang pang-edukasyon o pagsasanay sa trabaho.

Pangangalaga sa Bata ng California Department of Education (CDE)

Available rin ang mga benepisyo ng pangangalaga sa bata sa CDE. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Ahensiya ng Pinagkukunan at Referral (Resource and Referral Agency) para sa higit pang impormasyon.

Transitional Medi-Cal (TMC)

Maaari kang makakuha ng Medi-Cal nang hanggang 12 buwan kung umalis ka sa tulong na pera dahil nagtatrabaho ka. Dapat makakuha ang iyong pamilya ng tulong na pera kahit sa tatlong buwan lang ng huling anim na buwan bago mahinto ang tulong na pera. Upang makakuha ng mahigit sa anim na buwan ng TMC, dapat nakapailalm ang iyong kita sa ilang partikular na limitasyon at dapat mong matugunan ang mga panuntunan sa pag-uulat ng TMC.

IBA PANG MAHALAGANG IMPORMASYON

MGA SAMBAHAYAN NG TULONG NA PERA AT CALFRESH NAG-UULAT NG DALAWANG BESES SA ISANG TAON (SAR)

Mga Panuntunan sa Pagbabadyet

Ang halaga ng tulong na pera at/o mga benepisyo ng CalFresh na maaari mong makuha ay nakadepende sa iyong kita at mga pinapayagang gastusin. Makakakuha ka ng Dalawang Beses sa Isang Taong Ulat sa Pagiging Kwalipikado (SAR 7) upang punan anim na buwan pagkatapos ng iyong aplikasyon at pagkatapos ng kada taunang redetermination/recertification (RD/RC). Sa SAR 7, kakailanganin mong iulat kung anong kita at mga gastusin ang nagkaroon ka sa buwan ng ulat at anumang batid na mga pagbabago na magkakaroon ka sa anim na buwan pagkatapos mong ibigay ang iyong ulat. Makikita ang buwan ng ulat sa itaas ng iyong SAR 7. Gagamitin ang kita at mga gastusin sa buwan ng ulat at ang anumang mga batid na pagbabago upang kalkulahin ang halaga ng tulong na pera at/o mga benepisyo ng CalFresh na maaari mong makuha sa anim na buwang iyon. Gagamitin ang impormasyong ilalagay mo sa SAR 7 tungkol sa buwan ng ulat sa susunod na anim na buwan kung hindi mo inaasahang magbabago ang iyong kita o mga gastusin.

Halimbawa, kung magbibigay ka ng SAR 7 sa Marso, iulat mo kung anong kita ang nagkaroon ka noong Pebrero. Iulat mo rin ang anumang mga pagbabago sa kita na inaasahan mong mangyari sa Abril, Mayo, Hunyo, Hulyo, Agosto at Setyembre. Kung hindi magbabago ang kita mula Pebrero, kakalkulahin ang iyong tulong na pera at/o mga benepisyo sa CalFresh para sa Abril, Mayo, Hunyo, Hulyo, Agosto at Setyembre gamit ang parehong kita at mga gastusin para sa bawat isang buwang iyon. Kung magbabago ang iyong kita at gastusin, gagamitin ng iyong worker ang mga bagong kitang makukuha mo sa mga buwang iyon upang kalkulahin ang iyong tulong na pera at/o halaga ng benepisyo sa CalFresh para sa bawat buwan ng dalawang beses sa isang taong panahon. Ang pamamaraang ito ay tinatawag na prospektibong pagbabadyet.

MGA KASO SA TAUNANG PAG-UULAT (AR) NG TULONG NA PERA AT MGA SAMBAHAYAN NG NAG-UULAT NG PAGBABAGO NG CALFRESH NA MAY KASO NG AR NG CALWORKS

Mga Panuntunan sa Pagbabadyet

Gagamit din ng prospektibong pagbabadyet ang mga sambahayang Taunang Nag-uulat (AR) maliban sa hindi ka magkakaroon ng form ng regular na ulat tulad ng SAR 7 para sa mga SAR na sambahayan. Iulat ng mga AR na sambahayan sa kanilang mga form ng taunang RD/RC ang anumang kita, gastusin at ari-arian na mayroon sila at anumang mga pagbabago na natitiyak nilang mangyayari sa susunod na 12 buwan. Gagamitin ang ibibigay mong impormasyon upang kalkulahin ang iyong tulong na pera at mga benepisyo ng CalFresh para sa susunod na 12 buwan. May ilang bagay na kailangan mong iulat sa loob ng 10 araw kung kailan ito nangyari. Ang mga panuntunan ng kinakailangang pag-uulat para sa mga kaso sa AR at mga sambahayang nag-uulat ng pagbabago ng CalFresh na may kaso sa AR ay nasa pahina 5 ng form na ito.

Limitasyon sa Ari-arian

CalWORKs:

Mayroong \$2,250 na limitasyon sa halaga ng ari-arian (hal. mga bank account, stock, atbp.) na maaaring ariin ng iyong pamilya at maging kwalipikadong makatanggap ng mga benepisyo ng CalWORKs. Kung may isang tao sa iyong pamilya na 60 taong gulang o may kapansanan, ang limitasyon ay \$3,250. Hindi bahagi ng limitasyon ang iyong tirahan at kasangkapan. Maaari kang mag-may-ari ng sasakyan (hal., isang kotse, trak, van, motorsiklo, atbp.) basta't ang halaga nito na babawasan ng pagkakautang mo ay mas mababa sa \$9,500. Kung ibinigay ito sa iyo bilang regalo, donasyon, o inilipat ito sa iyo ng isang miyembro ng pamilya, hindi namin ito binibilang. Hihilingin sa iyong bigyan ang County ng patunay na mula sa Department of Motor Vehicles na ito ay iniregalo, donasyon o inilipat mula sa isang miyembro ng pamilya. Hindi bibilangin ang sasakyan kung gagamitin ng iyong pamilya para sa ilang mga espesyal na dahilan. Tanungin ang iyong worker kung ano ang mga dahiling iyon. Maaaring ipaliwanag sa iyo ng iyong worker kung paano kalkulahin ang halaga ng anumang sasakyan.

CalFresh:

Para sa mga tatanggap na nakakakuha ng parehong tulong na pera at mga benepisyo ng CalFresh, malalapat ang mga limitasyon sa ari-arian (sa itaas) ng CalWORKs. Kung nakakakuha ka lang ng mga benepisyo ng CalFresh, ang limitasyon sa ari-arian para sa mga sambahayang walang nakakatanda o may kapansanang miyembro ay \$2,250. Ang limitasyon sa ari-arian ng mga sambahayang may kahit isang miyembro na edad 60 o higit pa o may kapansanan ay \$3,250.

Maaaring hindi malapat ang mga limitasyon sa ari-arian kung ang gross income ng iyong sambahayan ay hindi mahigit sa Income Reporting Threshold (IRT) ng CalFresh para sa laki ng iyong sambahayan. Ang IRT ng iyong CalFresh ay 130 porsyento ng Federal Poverty Limit para sa laki ng iyong sambahayan. Sasabihin sa iyo ng county ang halaga ng IRT ng iyong sambahayan.

TULONG NA PERA LAMANG

48-Buwang Limitasyon sa Oras

Simula Hulyo 1, 2011 hindi kwalipikado ang isang magulang o kamag-anak na tagapangalaga para sa tulong na pera kapag nakatanggap siya ng tulong na pera sa kabuuang 48 buwan. Mabibilang ang lahat ng tulong na perang natanggap mula sa CalWORKs at/o tulong na perang natanggap mula sa Tribal TANF o anumang iba pang estado sa 48-buwang kabuuan. Tanging ang tulong na pera lang na natanggap noong o pagkatapos ng Enero 1, 1998 ang mabibilang sa 48-buwang kabuuan. May mga pagbubukod sa limitasyon sa oras na ito at hindi nalalapat ang limitasyon sa mga bata.

Mga Pinagkukunan/Electronic Benefits Transfer (EBT)

Ituturing ang anumang natitirang balanse sa EBT account sa pagtatapos ng buwan na isang available na pinagkukunan at maaaring magdulot sa iyong sambahayan ng hindi pagiging kwalipikado para sa tulong na pera kung mahigit sa pinapayagang mga limitasyon sa pinagkukunan ang iyong kabuuang mabibilang na mga pinagkukunan.

Panuntunan sa Paglilipat ng Mga Asset

Maaaring ibenta, ipalit o baguhin ng mga tatanggap ang form ng kanilang mga pinanghahawakang ari-arian, kung makakuha sila ng fair market value para sa ari-arian (asset). Kung hindi sila makakakuha ng fair market value para sa asset, makakakuha ang pamilya ng panahon ng hindi pagiging kwalipikado. Kinakalkula ang panahon ng pagiging hindi kwalipikado sa pamamagitan ng pagbabawas ng halagang natanggap mula sa fair market value ng asset at pagkatapos ay paghahati ng halagang iyon sa pangangailangan na karaniwan para sa pamilya. Nira-round down ang halaga sa susunod na mas mababang whole number.

CALFRESH LAMANG

Mga Allowance sa Utility

Papayagan ka sa isang kabawasan sa Standard Utility Allowance (SUA) kung may mga gastusin ka sa pagpapainit at pagpapalamig. Kung may mga gastos ka sa utility bukod pa sa pagpapainit o pagpapalamig, gaya ng tubig, sewer at basura, bibigyan ka ng kabawasan na Limited Utility Allowance (LUA). Kung mayroon ka lang gastos sa telepono, bibigyan ka ng kabawasan na Telephone Utility Allowance (TUA). Ginagamit ang SUA, LUA at TUA upang bawasan ang iyong kita, na nakakatulong sa iyong makakuha ng higit pang mga benepisyo.

MEDI-CAL/34-COUNTY CMSP LAMANG

Pagbabawas (Spending Down) ng Sobrang Ari-arian

- Kung kukuha ka o mag-a-apply para sa Medi-Cal/34-County CMSP Lamang at mahigit sa pinapayagan ng mga panuntunan ang bilang ng iyong ari-arian, maaari mo itong babaan bago ang huling araw ng anumang buwan, kasama ang buwan ng aplikasyon. Para sa Medi-Cal, maaari mong gastusin ang iyong sobrang ari-arian sa anumang paraang gusto mo. Ngunit maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa nursing facility na antas ng pangangalaga sa sandaling panahon kung magbebenta ka o magbibigay ng anumang ari-arian sa mas mababang halaga nito, at mag-a-apply ka para sa o makakatanggap ka ng Medi-Cal nursing facility na antas ng pangangalaga sa loob ng 30 buwan ng paglilipat.
- Maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa 34-County CMSP kung magbebenta o magbibigay ka ng anumang ari-arian sa mas mababang halaga nito.

Mga Pinagkukunan at Ari-arian

- Ang lahat ng natanggap na benepisyo sa Medi-Cal pagkatapos ng edad 55 ay nakapailalim sa pagbawi sa lupain (estate) ng isang namatay na tatanggap ng Medi-Cal. Gayunpaman, hindi maaaring lumagpas ang pagbawi sa halaga ng lupain. Hindi maaaring mangyari ang pagbawi kung papalitan ng asawa ang benepisaryo. Hindi maaaring kunin ng estado ang kasukat na bahagi ng isang lupain na iniwan sa isang menor de edad o isang lubos na may kapansanang nasa hustong gulang na bata. Bukod pa ryan, kung magdulot ang pagbawi ng isang labis na problema para sa sinumang iba pang tagapagmana at mapapatunayan ang problemang iyon, maaaring ipatupad nang ganap o hindi ang pagbawi.
- Kung nasa isang institusyon ka at hindi nakabukod ang iyong bahay o dating bahay, maaaring magtala ang estado ng isang lien laban sa iyong ari-arian upang bayaran ang gastos ng pangangalagang medikal na sinasaklaw ng Medi-Cal.

MGA AVAILABLE NA SERBISYO

Women, Infants and Children (WIC) Supplemental Nutrition Program: Ang WIC Program ay para lang sa mga buntis at nagpapasusong kababaihan, mga sanggol at batang wala pang 5 taong gulang, na may medikal-nutrisiyonal na panganib. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa WIC, tawagan ang lokal na departamento ng kalusugan ng iyong county o ang numero ng telepono para sa "WIC" sa libro ng telepono.

Pagpaparehistro ng Botante: Kung gusto mong magpaparehistro upang makaboto, sabihan ang iyong worker upang padalhan ka ng form ng pagpaparehistro. Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasagot nito, sabihan ang iyong worker. Maaaring ikaw mismo ang magpadala ng form. Hindi maaapektuhan ang iyong pagiging kwalipikado para sa tulong, magpaparehistro ka man o hindi. Hindi sasabihin sa iyo ng iyong worker kung paano bumoto.

MGA BABALA NG PARUSA

Mga Parusang Diskuwalipikasyon sa Cash Aid at CalFresh

Ang mga parusang diskuwalipikasyon ay nagsisimula pagkatapos ipasiya ng isang pagdinig ng estado o hukuman ng batas na ang isang tao ay nakagawa ng isang Sinadyang Paglabag sa Programa (Intentional Program Violation, IPV). Gayon din, sinumang inakusahang gumawa ng isang IPV ay maaaring sumang-ayon sa diskuwalipikasyon sa pamamagitan ng pagpirma sa isang Kasunduan sa Pagsang-ayon sa Pampangasiwaang Diskuwalipikasyon o isang Pagtalikdan sa Pagdinig sa Diskuwalipikasyon. Sinumang pumirma sa isa sa mga dokumentong ito ay nagsusuko ng anumang mga karapatan sa pagdinig at tumatanggap ng responsibilidad na bayaran ang anumang sobrang pagbabayad na tulong na pera (cash aid) at/o sobrang pag-isyu sa CalFresh.

Mga Tuntunin at Parusa ng Programa

Naiintindihan ko na ako ay gagawa ng isang sinadyang paglabag sa programa na maaaring isa ring krimen, kung ako ay magbigay ng di-totoo o maling impormasyon, o kung sadyang hindi ko ibigay ang lahat ng mga impormasyon upang tangkaing makakuha ng mga benepisyo (CalFresh, tulong na pera (cash aid) at Medi-Cal) na hindi ako karapat-dapat, o upang tulungan ang ibang tao na makakuha ng mga benepisyo na sila ay hindi karapat-dapat, o kung maling gamitin ko ang aking mga benepisyo (ito ay tinatawag na pangangalagal). Kung sadyang gawin ko ito at kumuha ng higit sa \$950 sa mga benepisyong hindi ako karapat-dapat, maaari akong kasuhan ng isang felony.

Bilang karagdagan, naiintindihan ko na dapat kong bayaran ang anumang mga benepisyong natanggap ko na hindi ako karapat-dapat o mali ang paggamit ko.

Mga Paglabag sa Programa

Para sa CalFresh: Naiintindihan ko na maaaring makagawa ako ng sinadyang paglabag sa programa kung gagawin ko ang alinman sa mga sumusunod:

- Gumamit ng mga electronic benefit transfer (EBT) card na para sa ibang tao o pinayagan ang ibang tao na gamitin ang aking card.
- Magbigay ng di-totoong impormasyon tungkol sa kung sino ako o saan ako nakatira
- Magtangkang kumuha ng mga dobleng benepisyo, halimbawa, mag-aplay sa dalawa o higit na magkaibang county o estado nang magkasabay.
- Magsumite ng mga di-totoong dokumento para sa mga bata o nasa hustong gulang na mga miyembro ng sambahayan na hindi karapat-dapat o wala sa sambahayan.
- Lumabag sa mga kondisyon ng aking probasyon o parol.
- Tumakas o magtago pagkatapos mapatunayang nagkasala ng isang felony.
- Magpalit, bumili, magbenta, magnakaw o magbigay ng mga benepisyo ng CalFresh o mga EBT card, o magtangkang magpalit, bumili, magbenta, magnakaw o magbigay ng mga benepisyo ng CalFresh o mga EBT card
- Magpalit ng mga benepisyo ng CalFresh, o magtangkang magpalit ng mga benepisyo ng CalFresh para sa: mga pera, baril; hindi karapat-dapat na kalakal, tabako, pampasabog, bala, kinokontrol na substance tulad ng mga droga o alkohol
- Bumili ng isang produkto gamit ang mga benepisyo ng CalFresh na may deposito ng pagbabalik, sadyang magtapon ng mga laman at magbalik ng sisidlan para sa halaga ng deposito, o, o magtangkang ibalik ang sisidlan para sa halaga ng deposito
- Bumili ng isang produkto gamit ang mga benepisyo ng CalFresh at sadyang muling magbenta nito para sa pera o anumang bagay na iba sa karapat-dapat na pagkain

Mga Parusa

Maaaring mawala sa akin ang mga benepisyo ng CalFresh:

- Para sa isang taon para sa unang pagkakasala, dalawang taon para sa ikalawang pagkakasala o habang panahon.
- Multahan ng hanggang \$250,000, ibilanggo (dalhin sa kulungan/bilangguan) ng hanggang 20 taon o pareho

Para sa tulong na pera (cash aid): Naiintindihan ko na maaaring makagawa ako ng sinadyang paglabag sa programa kung gagawin ko ang alinman sa mga sumusunod:

- Magbigay ng di-totoong impormasyon tungkol sa kung sino ako o saan ako nakatira
- Magtangkang kumuha ng mga dobleng benepisyo, halimbawa, mag-aplay sa dalawa o higit na magkaibang county o estado nang magkasabay.
- Magsumite ng mga di-totoong dokumento para sa mga bata o nasa hustong gulang na mga miyembro ng sambahayan na hindi karapat-dapat o wala sa sambahayan.
- Lumabag sa mga kondisyon ng aking probasyon o parol.
- Tumakas o magtago pagkatapos mapatunayang nagkasala ng isang felony.

Maaaring mawala sa akin ang mga benepisyong tulong na pera (cash aid):

- Para sa anim na buwan, isang taon, dalawang taon, apat na taon, limang taon o habang panahon
- At multahan ng hanggang \$10,000 at/o ipadala sa kulungan/bilangguan para sa hanggang limang taon

| SERTIPIKASYON NG APLIKANTE/TATANGGAP | SERTIPIKASYON NG WORKER SA PAGIGING KWALIPIKADO (ELIGIBILITY WORKER'S CERTIFICATION) | |
|--|---|-------|
| <ul style="list-style-type: none"> Nauunawaan ko na isa sa mga layunin ng tulong na pera ay upang makatulong na matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng aking pamilya, kasama ang pabahay, pagkain, pananamit. Nauunawaan ko ang aking mga karapatan at responsibilidad at sumasang-ayon na sumunod sa aking mga responsibilidad. Nauunawaan ko rin ang mga kaparusahan sa pagbibigay ng hindi kumpleto o maling impormasyon, o para sa hindi pag-uulat ng impormasyon o mga sitwasyon na maaaring makaapekto sa aking pagiging kwalipikado o antas ng benepisyo para sa tulong na pera o CalFresh, at/o sa bahagi ng gastos sa aking Medi-Cal/34-County CMSP. Pinapatunayan ko na nabigyan ako ng kopya ng Ang Mga Karapatan, Responsibilidad, at Iba Pang Mahalagang Impormasyon (SAWS 2A). <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> Pinapatunayan ko rin na, kung nag-apply ako o kumuha ng tulong na pera, nakakuha ako ng kopya ng sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> Welfare to Work Informing Notice (WTW 5) <p style="text-align: center; margin-top: 5px;">(MGA INISYAL NG APLIKANTE/TATANGGAP)</p> </div> <ul style="list-style-type: none"> Pinapatunayan ko rin na kung nag-apply ako para sa Medi-Cal/34-County CMSP, nakakuha ako ng kopya ng MC 219 /CMSP 219 at naipaliwanag sa akin ang mga nilalaman nito. | <p>I certify that the applicant/recipient appears to understand:</p> <ul style="list-style-type: none"> his/her rights and responsibilities and the penalties for giving incomplete or wrong facts, or for failing to report facts or situations that may affect his/her eligibility or benefit level for cash aid or CalFresh, and/or share of cost for Medi-Cal/34-County CMSP <p>I also certify that the applicant/recipient was given a copy of:</p> <ul style="list-style-type: none"> The Rights, Responsibilities, and Other Important Information (SAWS 2A SAR) <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> For cash aid: <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> Welfare to Work Informing Notice (WTW 5) </div> <ul style="list-style-type: none"> For Medi-Cal/34-County CMSP: the MC 219/CMSP 219 and that its contents were explained to him/her. | |
| Pirma (Magulang o Kamag-anak na Tagapangalaga, Miyembro ng Sambahayan sa CalFresh o Pinahintutulang Kinatawan, Aplikante/Benepisyaryo Medi-Cal/34-County CMSP) | | Petsa |
| Pirma (Iba Pang Magulang Na Nakatira sa Bahay, Nakarehistrong Live-in Partner) | Saksi, kung Pumirma Ka Na May "X" | Petsa |
| Pirma ng Worker sa Pagiging Kwalipikado | Numero ng Worker sa Pagiging Kwalipikado | Petsa |

| SERTIPIKASYON NG APLIKANTE/TATANGGAP | SERTIPIKASYON NG WORKER SA PAGIGING KWALIPIKADO (ELIGIBILITY WORKER'S CERTIFICATION) | |
|--|---|-------|
| <ul style="list-style-type: none"> Nauunawaan ko na isa sa mga layunin ng tulong na pera ay upang makatulong na matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng aking pamilya, kasama ang pabahay, pagkain, pananamit. Nauunawaan ko ang aking mga karapatan at responsibilidad at sumasang-ayon na sumunod sa aking mga responsibilidad. Nauunawaan ko rin ang mga kaparusahan sa pagbibigay ng hindi kumpleto o maling impormasyon, o para sa hindi pag-uulat ng impormasyon o mga sitwasyon na maaaring makaapekto sa aking pagiging kwalipikado o antas ng benepisyo para sa tulong na pera o CalFresh, at/o sa bahagi ng gastos sa aking Medi-Cal/34-County CMSP. Pinapatunayan ko na nabigyan ako ng kopya ng Ang Mga Karapatan, Responsibilidad, at Iba Pang Mahalagang Impormasyon (SAWS 2A SAR). <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> Pinapatunayan ko rin na, kung nag-apply ako o kumuha ng tulong na pera, nakakuha ako ng kopya ng sumusunod: <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> Welfare to Work Informing Notice (WTW 5) <p style="text-align: center; margin-top: 5px;">(MGA INISYAL NG APLIKANTE/TATANGGAP)</p> </div> <ul style="list-style-type: none"> Pinapatunayan ko rin na kung nag-apply ako para sa Medi-Cal/34-County CMSP, nakakuha ako ng kopya ng MC 219 /CMSP 219 at naipaliwanag sa akin ang mga nilalaman nito. | <p>I certify that the applicant/recipient appears to understand:</p> <ul style="list-style-type: none"> his/her rights and responsibilities and the penalties for giving incomplete or wrong facts, or for failing to report facts or situations that may affect his/her eligibility or benefit level for cash aid or CalFresh, and/or share of cost for Medi-Cal/34-County CMSP <p>I also certify that the applicant/recipient was given a copy of:</p> <ul style="list-style-type: none"> The Rights, Responsibilities, and Other Important Information (SAWS 2A SAR) <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; margin-top: 10px;"> <ul style="list-style-type: none"> For cash aid: <ul style="list-style-type: none"> <input type="checkbox"/> Welfare to Work Informing Notice (WTW 5) </div> <ul style="list-style-type: none"> For Medi-Cal/34-County CMSP: the MC 219/CMSP 219 and that its contents were explained to him/her. | |
| Pirma (Magulang o Kamag-anak na Tagapangalaga, Miyembro ng Sambahayan sa CalFresh o Pinahintutulang Kinatawan, Aplikante/Benepisyaryo Medi-Cal/34-County CMSP) | | Petsa |
| Pirma (Iba Pang Magulang Na Nakatira sa Bahay, Nakarehistrong Live-in Partner) | Saksi, kung Pumirma Ka Na May "X" | Petsa |
| Pirma ng Worker sa Pagiging Kwalipikado | Numero ng Worker sa Pagiging Kwalipikado | Petsa |